

# SAN FRANCISCO, SAGUTAN NATIN ANG SENSUS.

## SAN FRANCISCO,

baka mas madalas na ninyo naririnig ang 2020 Sensus.

Importante talaga ito! Ito ang mga dahilan kung bakit dapat sagutan ninyo ang sensus sa Marso.

Ang sensus ay isang survey na may 9 na tanong at masasagot ito sa 10 minuto. Kapag sinagot ninyo ang sensus, ang bawat tao na kabilang sa inyong sambahayan (kabilang din kayo) ay magdadala ng \$20K sa inyong komunidad sa susunod na 10 taon. Lahat tayo ay may karapatang mabilang sa sensus—kahit sanggol ka man o taong higit 100 ang edad. Kahit anuman ang inyong estado sa imigrasyon o kriminal na rekord, kabilang kayo sa sensus! Lahat tayo ay may karapatang sumali sa sensus. Oo, lahat - kabilang din ang mga tao na hindi citizen. At kahit ano pa ang narinig ninyo, walang tanong tungkol sa Citizenship (pagiging citizen) sa 2020 Sensus.

Sama-sama nating makukuha ang nararapat sa ating komunidad. San Francisco, sagutan natin ang sensus.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [ComeToYourCensusSF.com](https://www.come-to-your-census.com) #ComeToYourCensusSF



SF ★ 2020  
census  
COUNTS

ART  
ACTION  
2020 Census

Artwork:  
Clare Rojas  
'untitled'